

Bakuna para sa Rabis

Ano Ang Kailangan Mong Malaman

Maraming Pahayag na Impormasyon Tungkol sa Bakuna na nakalathala sa Spanish at iba pang wika. Tignan ang www.immunize.org/vis

1 Ano ang Rabis?

Ang rabis ay malalang sakit. Ito ay dahil sa mikrobyo. Ang rabis ay karaniwang sakit ng mga hayop. Ang mga tao ay nakakukuha ng rabis kapag sila ay nakagat ng nalalalang mga hayop.

Sa una maaaring walang anumang sintomas. Ngunit mga ilang linggo, o kahit mga ilang buwan pagkatapos makagat, ang rabis ay maaaring magdulot ng kirot, pagod, sakit ng ulo, at pagkamagagalitin. Kasunod ng mga ito ang mga atake, guni-guni at paralisis. Ang rabis sa tao ay halos laging nakamamatay.

Maiilap na hayop—lalo na ang mga paniki—ay ang mga pinaka-karaniwang pinagmumulan ng impeksyon sa rabis ng tao sa Estados Unidos.



Ang mga skank, mga rakun, mga aso, mga pusa, mga koyote, mga soro at iba pang mga mamal ay nagdadala din ng sakit.



Ang rabis na ito ay bihira sa Estados Unidos. Nagkaroon lamang ng 55 kaso na nasuri simula noong 1990. Gayunpaman, ang mga tao sa pagitan ng 16,000 at 39,000 ay binabakunahan kada taon bilang pag-iingat pagkatapos makagat ng hayop.

Gayundin, ang rabis ay mas karaniwan sa ibang mga bahagi ng mundo, na may mga 40,000–70,000 na pagkamatay kaugnay sa rabis sa buong mundo kada taon. Ang mga kagat na nagmula sa hindi nabakunahang mga aso ay dahilan ng halos lahat ng mga kasong ito.

Ang bakuna sa rabis ay makapipigil sa rabis.

2 Bakuna sa rabis

Ang bakuna sa rabis ay inibibigay sa mga tao na mataas ang peligro sa rabis upang protektahan sila kung sila ay mahantad. Makapipigil din ito sa sakit kapag ito ay ibinigay sa tao pagkatapos na sila ay mahantad.

Ang bakuna sa rabis ay nagmula sa pinatay na mikrobyo ng rabis. Ito ay hindi nagdudulot ng rabis

3 Sino ang dapat kumuha ng bakuna sa rabis at kailan?

Pamigil na bakuna (hindi nahantad)

- Ang mga taong may mataas na pagkahantad sa rabis, tulad ng mga beterinaryo, mga nag-aalaga ng hayop, mga nagtatrabaho sa laboratoryo ng hayop, mga taong nag-aaral at gumagalugad ng mga kweba, at mga manggagawa sa produksyon ng gamot sa rabis ay dapat bigyan ng bakuna sa rabis.
- Dapat din isaalang-alang ang bakuna ng:
 - Mga tao na ang mga gawain ay nagdudulot sa kanila ng palagiang paghawak sa mga mikrobyong rabis o posibleng may rabis na mga hayop.
 - Mga manlalakbay sa buong daigdig na malamang na humawak sa mga hayop sa mga bahagi ng mundo kung saan ang rabis ay karaniwan.

Ang iskedyul sa paunang pagkahantad para sa bakuna sa rabis ay **3 dosis**, na ibinibigay sa mga sumusunod na panahon:

- | | |
|----------|---|
| Dosis 1: | Kung naaangkop |
| Dosis 2: | 7 araw pagkatapos ng Dosis 1 |
| Dosis 3: | 21 araw o 28 araw pagkatapos ng Dosis 1 |

Para sa mga nagtatrabaho sa laboratoryo at iba pa na maaaring paulit-ulit na mahantad sa mikrobyong rabis, ang taunang pagsusuri para sa kaligtasan sa pagkakasakit ay inirerekomenda, at kasunod na dosis ay dapat ibigay tulad ng kinakailangan. (Ang pagsusuri o kasunod na mga dosis ay hindi inirerekomenda para sa mga manlalakbay.) Tanungin ang iyong doktor para sa mga detalye.

Bakuna pagkatapos ng pagkahantad

Sinumang tao na nakagat ng hayop, o kung hindi ay sinumang nahantad sa rabis, ay dapat na linisin ang sugat at magpatingin agad sa doktor. Ipapasiya ng doktor kung kailangan silang bakunahan.

Ang taong hantad at hindi pa nabakunahan laban sa rabis ay dapat kumuha ng **4 na dosis** ng bakuna sa rabis—isang bakuna agad, at karagdagang dosis sa ika-3, ika-7, at ika-14 na araw. Dapat din silang kumuha ng isa pang turok na tinatawag na Rabies Immune Globulin sa parehong oras sa unang dosis.

Ang taong nabakunahan na dati ay dapat kumuha ng **2 dosis** ng bakuna sa rabis—ang isa ay agad at ang isa pa ay sa ika-3 araw. Ang Rabies Immune Globulin ay hindi kailangan.



U.S. Department of
Health and Human Services
Centers for Disease
Control and Prevention

4 Sabihin sa iyong doktor kung...

Kausapin ang doktor bago kumuha ng bakuna sa rabis kung ikaw ay:

1. nagkaroon ng malubhang (banta sa buhay) na aledyik reaksiyon sa dating dosis ng bakuna sa rabis, o sa alinmang sangkap ng bakuna; sabihin sa iyong doktor kung mayroon kang anumang malubhang mga alerdye,
2. may mahinang immune system dahil sa:
 - HIV/AIDS o iba pang sakit na nakakaapekto sa immune system,
 - Paggamot ng mga medisina na nakakaapekto sa immune system, tulad ng mga steroid,
 - kanser, o paggamot sa kanser na may radyasyon o mga gamot.

Kung mayroon kang mga hindi malalang sakit, tulad ng sipon, maaari kang bakunahan. Kung ikaw ay may katamtaman o malalang sakit, marahil ay dapat mong hintayin hanggang ikaw ay gumaling bago kumuha ng tuloy-tuloy na (hindi nakahantad) na dosis ng bakuna sa rabis.

Kung ikaw ay nahantad sa mikrobyong rabis, dapat kang kumuha ng bakuna kahit na anupamang karamdaman ang mayroon ka.

5 Ano ang mga panganib mula sa bakuna?

Ang bakuna, tulad ng anumang medisina ay may kakayahan na maging dahilan ng malubhang mga problema, tulad ng malubhang mga alerdyek reaksiyon.

Ang panganib ng bakuna na nagdudulot ng malubhang pinsala, o pagkamatay, ay napakaliit. Ang malulubhang problema mula sa bakuna sa rabis ay napakabihira.

Hindi gaanong mga problema

- pananakit, pamumula, pamamaga, o pamamaga kung saan tinuruan (30%–74%)
- sakit ng ulo, pagduduwal, sakit ng tiyan, pananakit ng kalamnan, pagkahilo (5%–40%)

Katamtamang mga problema

- pamamantal, pananakit ng mga kasukasuan, lagnat (mga 6% ng kasunod na dosis)

Ang iba pang mga sakit sa sistemang nerbiyo, tulad ng Guillain- Barré syndrome (GBS), ay iniulat pagkatapos ng bakuna sa rabis, ngunit ito ay bihirang nangyayari na hindi alam kung ang mga ito ay kaugnay ng bakuna.

TANDAAN: Ang ilang mga brand ng bakuna sa rabis ay mabibili sa Estados Unidos, at ang mga reaksiyon ay iba-iba sa pagitan ng mga brand. Ang provider mo ay magbibigay sa iyo ng higit na impormasyon tungkol sa partikular na brand.

DCH-1238T

AUTH: P.H.S., Act 42, Sect. 2126.

6 Paano kung may malubhang reaksiyon?

Ano ang dapat kong hanapin?

- Humanap ng anumang alalahanin mo, tulad ng mga palatandaan ng malubhang alerdyek na reaksiyon, napakataas na lagnat, o pagbabago ng ugali.

Mga palatandaan ng malubhang alerdyek reaksiyon na maaaring kabilang ang pamamantal, pamamaga ng mukha at lalamunan, kahirapan sa paghinga, mabilis na tibok ng puso, pagkahilo, at panghihina. Ang mga ito ay magsisimula ilang minuto hanggang ilang oras pagkatapos ng bakuna.

Ano ang dapat kong gawin?

- Kung sa tingin ay malubhang alerdyek reaksiyon ito o iba pang emerhensiya na hindi makapaghintay, tumawag sa 9-1-1 o dalhin ang taong iyon sa pinakamalapit na ospital. Kung hindi naman ay tawagan ang iyong doktor.
- Pagkatapos, ang reaksiyon ay dapat i-report sa Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS). Maaaring ihain ng iyong doktor ang report na ito, o maaari mong gawin ito mismo sa website ng VAERS sa www.vaers.hhs.gov, sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-822-7967**.

Ang VAERS ay para lamang sa pagrereport ng mga reaksiyon. Hindi sila nagbibigay ng medikal na payo.

7 Paano ako makakaalam ng higit pang impormasyon?

- Tanungin ang iyong doktor.
- Tumawag sa iyong lokal o estadong kagawaran ng kalusugan. 1-888-767-4687
- Makipag-ugnayan sa Sentro ng Pagkontrol sa Sakit at Pagpigil o Centers for Disease Control and Prevention (CDC):

- Bisitahin ang website ng rabis ng CDC sa

www.cdc.gov/rabies/

Upang pahintulutan ang (mga) tagapagkaloob ng pangangalagang medical ng tumpak na impormasyon tungkol sa kalagayan ng panlaban sa sakit o pagbabakuna, pagtaya sa panlaban sa sakit, at isang inirerekomendang palatuntunan ng pagbibigay sa hinaharap ng panlaban sa sakit, ang impormasyon ay ipapadala sa Michigan Care Improvement Registry (Talaan ng Pagpapahusay ng Pangangalaga ng Michigan). Ang mga tao ay may karapatang humiling na huwag magpadala ng impormasyon sa Talaan ang kanilang tagapagkaloob ng pangangalagang medical.

Vaccine Information Statement Rabies Vaccine

Tagalog

10/6/2009

Office Use Only

